

## Istorya ng mga Pagsangguni sa Pag-aaral ng Pangalan ng Dundas Street

Ang mga pagkamatay nina George Floyd, Breonna Taylor at Regis Korchinski-Paquet noong 2020 ay nagbunsod ng mga protesta at pag-aalsa sa mga lungsod sa buong Hilagang America, sa buong mundo at sa bansang ito. Sa pagprotesta ng mga tao laban sa hierarkiya at sistematikong rasismo na mas lubhang nagpapahirap sa mga Iitim, Katutubo at iba pang komunidad na naghahangad ng ekidad, pinatumba ang mga estatuwa at nanawagan ang mga nagpoprotesta na huwag gunitain at alisan ng karangalan ang mga inakusahan ng mga akto ng rasismo at pagsuporta sa pang-aalipin.

Ang mga panawagan sa katarungan para sa mga patuloy na nabibiktima ng sistematikong rasismo ay nagdagdag ng pagkaapurahan sa mga pag-uusap tungkol sa kahalagahan ng paglikha ng lugar. Ang pamamaraang ito sa pagpapalano, disenyo at pamamahala ng mga pampublikong espasyo ay sama-samang iniisip ang mga ito na may layuning lumikha ng mga mas ligtas na espasyo sa lungsod na nagtataguyod sa pagiging inklusibo at pagiging bahagi, lalo na para sa mga komunidad ng Iitim at Katutubo sa Toronto. Isang parkeng ipinangalan sa isang taong nang-alipin sa mga tao o isang institusyong ipinangalan bilang parangal sa isang taong sangkot sa pagtatag ng mga residensyal na paaralan ay hindi magiging isang tumatanggap na kapaligiran sa mga miyembrong Iitim at Katutubo sa ating komunidad.

Noong Hunyo 2020, isang [petisyon online](#) ang nilikha upang muling pangalanan ang Dundas Street. Ang petisyong pinirmahan ng mahigit 14,000 tao ay tumutol sa kapangalan ng kalye na politikong taga-Scotland na si Henry Dundas. Si Dundas ay inakusahang naging instrumental sa pagpapaantala sa pag-aalis ng Transatlantikong Kalakalan ng Alipin na nagdulot sa mahigit kalahating milyon pang mga Iitim na maging alipin sa Imperyong Britano. Bilang pagtugon sa petisyon, inatasan ni Punong-bayan John Tory ang Tagapamahala ng Lungsod na si Chris Murray na bumuo ng isang gumagawang grupo ng mga kawani ng Lungsod, kabilang ang Confronting Anti-Black Racism Unit (Yunit sa Pagkumpronta sa Rasismo Laban sa Iitim) ng Lungsod at ang Indigenous Affairs Office (Tanggapan para sa mga Kalakaran ng mga Katutubo), na pag-aralan ang isyu at mag-ulat.

Noong Setyembre 30, nagkaisang pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ang [ulat](#) ng Tagapamahala ng Lungsod na tumutugon sa petisyong muling pangalanan ang Dundas Street. Nakatuon ang ulat sa pagdaraos ng mga inklusibong pampublikong pagsangguni sa mga taga-Toronto at mga komunidad na Iitim, Katutubo, nangangailangan ng Aksesibilidad at iba pang komunidad na naghahangad ng ekidad.

### ***Ano ang nasa pangalan?***

Pahihintulutan ka ng mga pagsangguning timbangin kung sa tingin mo ay dapat muling pangalanan ang Dundas Street at kung paano kung gayon:

- Panatilihin ang pangalang Dundas Street, ngunit magkaloob ng karagdagang impormasyong pangkasaysayan sa pamamagitan ng mga plake at karatula

- Muling pangalanan ang mga ari-arian sa Lungsod na may Dundas sa mga pangalan nito (maliban sa TTC), ngunit panatilihin ang pangalan ng kalyeng Dundas
- Muling pangalanan ang kalye at lahat ng ari-arian ng Lungsod na may pangalang Dundas.

Ngunit ito ay higit pa sa Dundas Street. Ito ay tungkol sa kung paano tayo nagbibigay ng pangalan at kung sino ang pinipili nating parangalan. Sino ang kinakatawanan, at sino ang hindi? Sumasalamin ba ang ating mga pangalan sa lipunan kung saan tayo naninirahan at kung sino ang hinahangad nating maging? Hihilingin din ng mga konsultasyon ang mga rekomendasyon para sa paglikha ng isang pangkalahatang balangkas sa paggunita para sa Lungsod ng Toronto, kabilang ang mga prinsipyong gumagabay sa pagbibigay ng pangalan at muling pagbibigay ng pangalan sa mga pag-aari ng Lungsod at iba pang mga uri ng pagkilala.

Ang pag-aaral at mga pampublikong pagsangguni ay nakahanay sa pagtuon ng Lungsod sa paggawa ng aksyon upang tugunan ang rasismo laban sa Itim at rasismo laban sa komunidad ng Katutubo. Kabilang sa pagtuong ito ang nagkakaisang pagpapatibay ng Konseho ng Lungsod noong 2017 sa Planong Aksyon ng Toronto upang Kumprontahin ang Rasismo Laban sa Itim at ang opisyal na pagkilala sa Internasyonal na Dekada para sa mga Taong may Ninunong Aprikano ng mga Nagkakaisang Bansa at ang patuloy na pagtuon ng Lungsod sa Katotohanan at Pagkakasundo at mga komunidad ng Katutubo. Magiging kabilang din sa mga pampublikong pagsangguni ang representasyon sa ibang mga komunidad na naghahangad ng ekidad, kabilang ang komunidad na nangangailangan ng aksesibilidad at mga kababaihan.

Magkakaroon ka ng magkakataong mang-impluwensya at madagdagan ang kaalaman sa pamamagitan ng:

- Kaganapang talakayan ng mga tagapagsalita
- Town hall na pampublikong kaganapan sa telepono
- Mga pakikipagpulong at talakayan kasama ang mga pangunahing stakeholder, kabilang ang Partnership & Accountability Circle (Grupo para sa Samahan at Pananagutan), Aboriginal Affairs Advisory Committee (Komite ng Pagpapayo Hinggil sa mga Kalakaran ng Katutubo), Indigenous PlaceMaking Circle (Grupo para sa Paglikha ng Lugar ng mga Katutubo), Toronto Accessibility Advisory Council (Konseho ng Pagpapayo para sa Aksesibilidad ng Toronto) at Equity and Inclusion Advisory Group (Grupo ng Pagpapayo para sa Ekidad at Ingklusyon) ng Lungsod, pati na rin ang mga samahang pangkasaysayan, mga Lugar ng Pagpapahusay ng Negosyo at mga organisasyong pangkomunidad
- Mga pagpupulong para sa mga may hawak ng tradisyonal na teritoryo at kasunduan, kabilang ang Mississaugas of the Credit First Nation, ang Haudenosaunee at ang Huron-Wendat
- Survey sa opinyon ng publiko
- Web page na may online na survey
- Email at linya ng telepono na nakalaan para sa pagkomento

Dagdagan ang kaalaman sa [toronto.ca/dundasreview](https://toronto.ca/dundasreview).